



# Mga Serbisyo para sa Mga Bata at Mas Batang Adult ng Medi-Cal:

## Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnosis at Paggagamot

### Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Kaisipan

**Ang paunawang ito ay para sa mga bata at nakababatang adulto (mas bata sa edad na 21) na kuwalipikado para sa Medi-Cal EPSDT na mga serbisyo at ang kanilang mga katiwala o tagapag-alaga**

#### Ano ang mga Serbisyo ng EPSDT?

- Ang EPSDT na mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan ay mga serbisyo ng Medi-Cal na wasto o nagpapahusay sa mga problema sa kalusugang pangkaisipan na nahahanap ng iyong doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, kahit na ang problemang pangkalusugan ay hindi ganap na mawawala. Ang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan ng EPSDT ay ipinagkakaloob ng mga departamento para sa kalusugang pangkaisipan ng county.
- Ang mga problemang ito ay maaaring kabilang ang kalungkutan, pagka-nerbiyos, o galit na nagpapahirap sa iyong buhay.
- **Kailangan ay may bata ka sa edad na 21 at may buong saklaw sa Medi-Cal upang makuha ang mga serbisyo ng ito.**

#### Paano makakakuha ng mga Serbisyo ng EPSDT para sa iyong sarili (mas bata sa edad na 21) o sa iyong anak

Tanungin sa iyong doktor o klinika ang tungkol sa mga serbisyo ng EPSDT. Ikaw o ang iyong anak ay maaaring makatanggap ng mga serbisyo ng ito kung ikaw at ang iyong doktor, o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, klinika (tulad ng Child Health and Disability Prevention Program), o ang departamento para sa kalusugang pangkaisipan ng county ay sumang-ayon na kailangan mo o ng anak mo ang mga ito. Maaari mo rin tawagan ng direkta ang lokal na departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa iyong county. Walang bayad ang tawag.

#### Mga Uri ng Serbisyo ng EPSDT

Ang ilan sa mga serbisyo na makukuha mo mula sa departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa iyong county ay:

- Indibiduwal na therapy
- Pang-grupo na therapy
- Pampamilyang therapy
- Pagpapayo kapag may krisis
- Pamamahala sa kaso
- Mga espesyal na programang pang-araw
- Medikasyon para sa iyong kalusugang pangkaisipan

Ang mga serbisyo sa pagpapayo at therapy ay maipagkakaloob sa iyong tahanan, sa komunidad o sa iba pang lokasyon.

Ang departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa iyong county at ang iyong doktor o provider ay magpapasya kung ang mga serbisyo na iyong hiniling ay kinakailangan sa paggagamot.

#### Kailangang aprubahan ng mga departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa county ang iyong mga serbisyo sa EPSDT.

Ang bawat departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa county ay may libreng toll na numero ng telepono na matatawagan mo para sa karagdagang impormasyon at para makapagtanong sa mga serbisyo ng EPSDT sa kalusugang pangkaisipan.

#### Ano ang EPSDT Therapeutic Behavioral Services?

Ang Therapeutic Behavioral Services (TBS) ay mga espesyalistang serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan ng EPSDT. Ang TBS ay tumutulong sa mga bata at batang adult na:

- May matitinding emosyonal na problema;
- Nakatira sa isang natalagang lugar para sa kalusugang pangkaisipan o nanganganib na matalaga sa isang lugar; o
- Na-ospital kamakailan para sa mga problema sa kalusugang pangkaisipan o nanganganib na ma-ospital na may kinalaman sa damdamin o kaisipan.

Kung ikaw ay nakakatanggap ng iba pang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at nararamdaman pa rin na ikaw ay lubos na malungkot, ninenerbiyos, o galit, maaaring magkaroon ng isang sanay na coach sa kalusugang pangkaisipan upang tulungan ka. Ang taong ito ay makakatulong sa iyo kapag ikaw ay may mga problema na maaaring maging sanhi na ikaw ay magalit, mainis o malungkot. Ang taong ito ay pupunta sa iyong tahanan, pang-grupong tahanan o kasama mo kapag ikaw ay bumibiyaha at may mga aktibidad sa komunidad.

Ang departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa iyong county ay makapagsasabi sa iyo kung paano humiling ng isang pagtatasa para makita kung kailangan mo ang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan kasama na ang TBS.

### **Sino ang puwede kong kausapin tungkol sa mga serbisyo ng EPSDT sa kalusugang pangkaisipan?**

Ang iyong doktor, psychologist, tagapayo o counselor, social worker, o iba pang mga provider para sa kalusugan o panlipunan ay maaaring tumulong sa iyo sa paghahanap ng mga serbisyo ng EPSDT para sa kalusugang pangkaisipan. Para sa mga bata at batang adult sa isang pang-grupong tahanan o natitirahang pasilidad, makipag-usap sa staff tungkol sa pagkuha ng dagdag na mga serbisyo ng EPSDT.

Para sa mga bata na nasa foster care o maarugang pag-aalaga, makipagkonsulta sa itinalaga ng korte na abogado. Maaari mo rin tawagan ng direkta ang departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa iyong county. (Tingnan sa iyong phone book ang libreng toll na numero ng telepono, o tumawag sa Tanggapan ng Ombudsman para sa Kalusugang Pangkaisipan ng Department of Health Care Services).

### **Paano kung hindi ko makuha ang mga serbisyo na nais ko mula sa departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa aking county?**

Maaari kang magsampa ng apela sa departamento ng kalusugang pangkaisipan sa iyong county kung tinanggihan nila ang mga serbisyo ng EPSDT na hiniling ng iyong doktor o provider. Maaari ka rin magsampa ng isang apela kung sa palagay mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at hindi sumang-ayon ang iyong provider o departamento para sa kalusugang pangkaisipan sa iyong county.

Tawagan ang libreng toll na numero ng departamento para sa kalusugang pangkaisipan ng county upang makipag-usap sa isang Taga-ayos sa Paglutas ng Problema (Problem Resolution coordinator) (karaingan/apela) para makakuha ng impormasyon at tulong. Maaari mo rin tawagan ang mga tagapagtanggol para sa mga karapatan ng pasyente ng county, ang Department of Health Care Services, Tanggapan ng Ombudsman para sa Kalusugang Pangkaisipan.

Maaari kang humiling ng isang paglilitis ng estado sa loob ng 90 araw makalipas na matapos ang proseso sa apela ng departamento para sa kalusugang pangkaisipan ng county sa pamamagitan ng paggawa sa isa sa mga sumusunod:

- **Tumawag sa:** 1-800-952-5253, o para sa TTY 1-800-952-8349;
- **Fax:** 916-651-5210; o 916-651-2789
- **Sumulat:** California Department of Social Services, State Hearings Division  
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430.

### **Saan ako makakakuha ng mas maraming impormasyon?**

Para sa karagdagang impormasyon mangyari lamang makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan sa mga numero ng telepono sa ibaba.

#### **Departamento para sa Kalusugang Pangkaisipan sa County libreng toll na numerong matatawagan**

Tingnan sa iyong lokal na phone book

#### **Department of Health Care Services Tanggapan ng Ombudsman para sa Kalusugang Pangkaisipan**

1-800-896-4042

#### **Department of Health Care Services website**

[www.dhcs.ca.gov](http://www.dhcs.ca.gov)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kalusugang pangkaisipan at sa EPSDT, mangyari lamang magpunta sa mga sumusunod na webpage:

[www.dhcs.ca.gov/services/mh](http://www.dhcs.ca.gov/services/mh)

[www.dhcs.ca.gov/services/mh/pages/EPSDT.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/mh/pages/EPSDT.aspx)